【タガログ語】

日本年金機構
Japan Pension Service

## Halimbawa at Mga Tagubilin (Uri ng Aplikasyong kard )

Basahin ang tagubiling ito upang punan ang **Aplikasyon para sa Espesyal na Sistema ng Pagbabayad ng Kontribusyon sa Pambansang Pensiyon para sa mga Estudyante**. Sundin ang halimbawang nakasulat sa pulang tinta upang ilagay ang iyong tiyak na impormasyon sa form, alinman sa wikang Hapon, alpabetong Ingles, o mga numero (A, B, C... 1, 2, 3…) Pakisuyong tandaan na kung hindi kumpleto ang aplikasyon o kulang ang kinakailangang datos, kailangan naming ibalik ito at hilingin sa iyo na ilagay ang datos sa wikang Hapones, na maaaring magdulot ng pagkaantala sa pagproseso ng aplikasyon.

Ilagay ang pangalan at address ng iyong unibersidad / paaralan.

Ilagay ang taon / buwan nang pumasok ka sa unibersidad / paaralan at ang inaasahang taon / buwan ng pagtatapos.

Ito ang seksyon kung saan kailangan mong ilagay ang simula at katapusan na taon / buwan ng aplikasyon para sa Espesyal na Sistema ng Pagbabayad para sa mga Estudyante. Ang isang taon ng aplikasyon ay karaniwang mula Abril hanggang Marso.


Maaaring nakalimbag na ang buwan ng pagsisimula para sa partikular na taon, halimbawa, Abril 2026 (Reiwa ika-8), kapag natanggap mo ang kard ng aplikasyon. Kung nais mong ipagpaliban ang iyong kontribusyon hanggang sa katapusan ng taon, ilagay ang 2027. 3.

Ipakita ang iyong kita noong nakaraang taon para sa taon ng aplikasyon. Bilugan ang 1 kung walang kita, 2 kung ang kita ay ¥1,280,000 o mas mababa, o 3 kung ang kita ay higit sa ¥1,280,000.


**Tandaan :** Ang kita na tinutukoy dito ay ang iyong iniulat na kinita bawas ang mga kinakailangang gastusin sa Japan. Kung hindi ka pa nakapag-file ng ulat sa iyong kita o kung hindi mo alam, mangyaring kumonsulta sa opisina ng munisipal sa lugar kung saan ka nakatira.

Sa bahaging ito, ikaw bilang aplikante ay nagsasaad na ikaw ay nag-aaplay para sa Espesyal na Sistema ng Pagbabayad ng Kontribusyon para sa mga Estudyante. Pagkatapos, pinapahintulutan mo at ipinagkakatiwala sa JPS at mga opisina ng munisipal na ibahagi ang iyong personal na impormasyon, kabilang ang kita, na kinakailangan upang suriin ang iyong aplikasyon.

Ilagay ang petsa (taon/buwan/araw) ng aplikasyon, ang iyong address ayon sa nakasaad sa Resident Registry *JUMINHYO*, ang iyong pangalan (pangalan, apelyido) sa Ingles na alpabeto ayon sa nakalagay sa iyong pasaporte, at ang iyong numero ng telepono.




Matapos punan ang Aplikasyon, takpan ang iyong impormasyon gamit ang nakalakip na sticker na selyo, at ihulog sa kahon ng koreo.




Sa kahon ng koreo

**Tandaan :**

- Ang proseso ng pagsusuri sa JPS ay tumatagal ng humigit-kumulang dalawang buwan. Huwag pansinin ang anumang abiso o invoice na matatanggap mo habang hinihintay ang resulta ng iyong aplikasyon.
- Kung HINDI ka estudyante, mag-aplay para sa Iksemsyon sa Kontribusyon sa Pambansang Pensiyon / Pagpapaliban ng Pagbabayad.

*Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa opisina ng sangay ng JPS o sa opisina ng munisipal sa lugar kung saan ka nakatira.*